



CALIFORNIA  
**ALL**

Broadband for All

# CALIFORNIA Plano ng Digital Equity Ehekutibong Buod



Kagawaran ng Teknolohiya ng California

2024

# Paunang Salita

Ang aksesibilidad sa Internet ay lubhang kinakailangan para sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, lakas-paggawa at pag-unlad ng ekonomiya, mahahalagang serbisyo, at sibikong pakikibahagi. Gaya ng natutunan natin noong panahon ng pandemya ng COVID-19, ang kakayahan ng mga taga-California na maka-access at makagamit ng broadband na internet ay ang pagkakaiba sa pagitan ng kakayahang ganap na pakikibahagi at pagkaputol ng koneksyon sa kasalukuyang digital na ekonomiya.<sup>1</sup>

Gayunpaman, mayroong patuloy na digital na pagkakabahagi-bahagi sa California. Isa sa limang residente ay walang access sa maaasahan at mabilis na broadband, abot-kayang serbisyo sa internet at mga device, at pagsasanay at kasanayan sa paggamit ng mga ito.<sup>2</sup>

Ang *Broadband for All* ay ang komprehensibo at multi-billion-dollar na programa ng Newsom Administration upang saraduhan o wakasan ang digital na pagkakabaha-bahagi. Ipinapakita nito ang trabaho ng California Broadband Council at ng mga miyembro nito, [Executive Order N-73-20](#), ang *Broadband for All* Action Plan (2020), ang makasaysayang *Broadband for All* Act ([SB 156, 2021](#)), at ang pagsisikap na mobilisasyon sa buong estado para matugunan ang kakayahang maabot at dagdagan ang antas ng adapasyon (pagtanggap at paggamit) ng broadband sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga alok na serbisyong may mababang gastos at ng Affordable Connectivity Program (ACP) ng pederal.

Bagama't ang California ay gumagawa ng napakalalaking hakbang sa pagpapasulong ng *Broadband for All*, dahilan sa kalawakan na 167,000 kwadrado milyahe ng Estado at halos 40 milyong residente, higit pang pagsisikap at pamumuhunan ang kinakailangan para makamit ang mga tunguhin ng programa.

Aktibong ginagamit ng Estado ang lahat ng available na mapagkukunan ng pondo para makamit ang *Broadband for All* sa pamamagitan ng pakikilahok sa pederal na *Internet for All* broadband na mga programa na kasama sa Investment Infrastructure and Jobs Act (IIJA) ng Administrasyon ni Pangulong Biden, kasama ang Digital Equity Act (DEA) at ang Broadband Equity, Access, and Deployment (BEAD) na programa. Gaya ng ipinag-utos ni Gobernador Newsom at ng Lehislatura ng California sa [Assembly Bill 2750](#), ang California Department of Technology (CDT) ay humanap ng pederal na pagpopondo para mabuo ang planong ito sa digital na pagkakapantay-pantay (digital equity plan) sa pagkonsulta sa California Public Utilities Commission (CPUC) at sa California Broadband Council (CBC).

Binuo ng CDT ang Digital Equity Plan na ito sa malapit na pakikipagtulungan sa CPUC, ang entidad ng Estado na nagpapatupad ng programang BEAD, at pagsasama ng input ng mahigit sa 50,000 residente at stakeholder sa pamamagitan ng apat na group meeting sa pagpapalano sa buong estado, 24 na pagpupulong ng mga working group sa larangan ng kalalabasan (outcome area), tatlong survey sa buong estado, 20 personal na mga workshop ng pagpapalano at maraming pagpupulong at mga sesyon ng pakikinig. Ang Digital Equity Plan, at ang Panlimang Taong BEAD Action Plan ay kumakatawan sa susunod na mga kabanata sa ebolusyon ng programa ng *Broadband for All* ng Estado.

---

<sup>1</sup> <https://broadbandcouncil.ca.gov/wp-content/uploads/sites/68/2020/12/BB4All-Action-Plan-Final.pdf>, na-access noong Setyembre 18, 2023.

<sup>2</sup> <https://publicadvocatesprodtemp.cpuc.ca.gov/-/media/cpuc-website/divisions/communications-division/documents/broadband-implementation-for-california/bead/broadband-for-all-fact-sheet-english.pdf>.

## Ehekutibong Buod

Ang digital equity ay nangangahulugan na ang lahat ng Taga-California ay may access sa teknolohiya at digital na mga kasanayan na kailangan nila para sa lubos na pakikibahagi sa modernong lipunan. Inilalarawan ng California State Digital Equity Plan kung paano ipapareha ng Estado ang umiiral na *State Broadband for All* na mga pamumuhunan nito at pagsisikap sa bagong pederal na pagpopondo mula sa National Telecommunications and Information Administration (NTIA).

Sinusunod ng draft ng Digital Equity Plan na ito ang mga kinakailangan para sa Digital Equity Planning Grant and California Assembly Bill 2750 ng NTIA (Chapter 597, Mga Batas ng 2022).

Tinutukoy ng Plan na ito ang mga hadlang sa digital equity para sa walong “sakop na populasyon” na binalangkas sa Digital Equity Act at kabilang ang mga estratehiya ng Estado para sa pagtugon sa naturang mga hadlang upang makamit ang partikular na mga layunin para sa bawat isa sa tatlong tunguhin ng *Broadband for All* ng Estado. Ang implementasyon ng Plan na ito ay popondohan ng Digital Equity Capacity Grant ng pederal.

<b>Mga Indibidwal na nakatira sa mga sakop na sambahayan</b> na may kita o mas mababa sa 150% Federal Poverty Level	<b>Mga tumatandang indibidwal (60+)</b>	<b>Nakakulong na mga indibidwal</b> bukod sa mga indibidwal na nakakulong sa pasilidad na piitan ng Pederal	<b>Mga Veteran</b>
<b>Mga indibidwal na may mga kapansanan</b>	<b>Mga Indibidwal na may mga hadlang sa wika</b> kabilang ang mga indibidwal na mga nag-aaral ng Ingles, at may mababang antas ng karunungan bumasa at sumulat	<b>Mga miyembro ng lahi o etniko na minorityang grupo</b>	<b>Mga Indibidwal na pangunahing nakatira sa rural na lugar</b>

Figure 1: Ang walong “sakop na mga populasyon” na binalangkas sa Digital Equity Act.

Sa kabuuan, 33.5 milyong Taga-California—85% ng populasyon ng Estado— ay kabilang sa isa o higit pa sa mga populasyong ito.<sup>3</sup> Kinikilala ng CDT ang ilan sa mga aktibidad ay dapat na mas nakatuon sa mga populasyon na mas malaki ang pangangailangan kaysa iba.

Alinsunod sa Panlimang Taong BEAD Action Plan ng Estado, ang Planong ito ay tumutukoy din sa mga hadlang sa digital equity para sa ibang mga komunidad na digital na dehado, kabilang ang mga miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+ at mga indibidwal na nagpapakilala o kinikilala bilang kababaihan o babae. Bagama’t hindi iniaatas ng NTIA, ang California ay naglagay din ng karagdagang pagtutuon sa mga komunidad ng tribo at mga indibidwal na walang tahanan, alinsunod sa pangkalahatang pangako sa pagkakapantay-pantay (equity) ng Estado.

<sup>3</sup> <https://www.census.gov/programs-surveys/community-resilience-estimates/partnerships/ntia/digital-equity.html>.

## Balangkas ng Digital Equity Plan ng California

<p><b>Pananaw</b></p> <p>Isang California kung saan ang lahat ng residente ay may access sa broadband na may mataas na performance, abot-kayang serbisyo at mga device, at sa pagsasanay at suporta na kinakailangan upang paganahin ang digital na inklusyon para sa ekonomiya at iba pang mga benepisyong panlipunan.</p>							
<p><b>Tunguhin 1:</b> Ang lahat ng Taga-California ay may mataas na performance na broadband na available sa bahay, mga paaralan, library at negosyo.</p>		<p><b>Tunguhin 2:</b> Ang lahat ng Taga-California ay may access sa abot-kayang broadband at kinakailangang mga device.</p>		<p><b>Tunguhin 3:</b> Ang lahat ng Taga-California ay maaaring maka-access sa pagsasanay at pagsuporta upang mapagana ang digital na inklusyon.</p>			
<p><b>Ano ang sinusukat namin</b> (Ang aming mga layunin)</p>		<p><b>Nasaan kami</b> (Kasalukuyang baseline) <sup>4</sup></p>		<p><b>Saan kami pupunta</b> (Ang aming mga target)</p>		<p><b>Paano kami pupunta doon</b> (Mga estratehiya at pangunahing mga aktibidad)</p>	
<p>Inilarawan namin ang partikular na mga layunin para sa bawat tunguhin na magbibigay-daan sa amin para masukat ang aming mga pagsulong habang ipinatutupad ang Planong ito.</p>		<p>Ito ay isang buod ng kasalukuyang estado ng bawat layunin at kinikilala na ang ilan sa mga sakop na populasyon ay nagsisimula mula sa iba't ibang mga lugar.</p>		<p>Ang mga target na ito ay kung saan gusto naming mapunta ang California pagkatapos ipatupad ang Broadband for All.</p>		<p>Ito ang mga aksyon na aming gagawin upang makamit ang aming mga tunguhin. Ang Planong ito ay nakatuon sa mga aksyon upang umakma sa pamumuhunan sa imprastruktura.</p>	
<p><b>Mga asset</b></p> <p>Ang mga organisasyon sa buong Estado ay nag-aalok ng mga programa sa digital na inklusyon. Ang mga pagsisikap na ito sa buong estado at lokal ay nag-aalok ng pundasyon para sa pag-unlad na palalakasin ng Planong ito.</p>							
<p><b>Mga Resulta ng Priyoridad</b></p> <p>Ang Planong ito ay magpapabuti sa mga resulta para sa mga residente ng California sa mga sumusunod na larangan:</p>							
Edukasyon	Kalusugan	Digital Literacy at Inklusyon	Lakas-Paggawa at Pag-unlad ng Ekonomiya	Mahahalagang mga Serbisyo, Aksesibilidad, Sibikong Pakikibahagi	Pakikipagtulungan sa Tribo		

Ang Ehekutibong Buod na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng bawat pangunahing bahagi. Ang chart ng buod sa dulo ng Ehekutibong Buod ay nagbibigay ng mga detalye para sa bawat tunguhin. Kasama sa buong draft ng Digital Equity Plan ang higit pang detalye sa isang format na binalangkas ng NTIA.

<sup>4</sup> Ang datos ng baseline ay nagmula sa survey ng telepono sa buong estado, online na pampublikong survey, mga talahanayan ng datos sa 2021 American Community Survey, NTIA Digital Equity Population Viewer, Mga Working Group sa Outcome Area, Mga Workshop sa Pagpaplanong Pangrehiyon, Mga Pagkonsulta sa Tribo, at 1:1 na mga pagpupulong, panayam, at mga sesyon ng pakikinig.

# Pananaw, Mga Tunguhin, at Mga Layunin

## Pananaw

Isang California kung saan ang lahat ng residente ay may access sa broadband na may mataas na performance, abot-kayang serbisyo at mga device, at sa pagsasanay at suporta na kinakailangan upang paganahin ang digital na

Ang pananaw na ito ay kumakatawan at nagpapalawak sa tatlong pangmatagalang mga tunguhin ng Estado na inilarawan sa 2020 na *Broadband for All* Action Plan sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga tiyak na layunin para sa bawat tunguhin at kung paano namin susukatin ang pag-unlad.

## Mga Tunguhin at Mga Layunin

### Tunguhin 1

Lahat ng mga Taga-California ay may mataas na performance na broadband na available sa bahay, mga paaralan, mga silid-aklatan, at mga negosyo.

Layunin 1.1: Taasan ang porsyento ng mga taga-California na konektado sa broadband internet service.

Layunin 1.2: Taasan ang porsyento ng Community Anchor Institutions na konektado sa broadband internet service.

Layunin 1.3: Taasan ang porsyento ng mga Taga-California na nag-uulat na ang kanilang internet service ay maaasahan.

Layunin 1.4: Taasan ang porsyento ng mga Taga-California na mayroong pagpipilian na hindi bababa sa tatlong internet service provider.

### Tunguhin 2

Lahat ng mga Taga-California ay may access sa abot-kayang broadband at kinakailangan na mga device.

Layunin 2.1: Bawasan ang porsiyento ng mga Taga-California na bumabanggit ng gastos bilang pangunahing hadlang sa internet service.

Layunin 2.2: Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na umaasa lamang sa smartphone para magamit ang internet dahil sa mga device na hindi ma-access at hindi abot-kaya, at dagdagan ang porsyento sa isang home computing device.

Layunin 2.3: Taasan ang porsyento ng mga taga-California na nakatala sa murang halaga na mga opsyon sa internet at subsidiya, kabilang ang Affordable Connectivity Program o successor program.

Layunin 2.4: Bawasan ang karaniwang gastos na binabayaran ng mga sakop na populasyon para sa internet service.

### Tunguhin 3

Ang lahat ng taga-California ay nakaka-access ng pagsasanay at suporta upang paganahin ang digital na inklusyon.

Layunin 3.1: Dagdagan ang pagkakaroon ng digital literacy, cybersecurity, at mga programa ng pagsasanay sa kasanayan (skills).

Layunin 3.2: Taasan ang porsyento ng mga taga-California na mayroong access sa mga serbisyo ng teknikal na suporta para sa konektado sa internet na mga device.

Layunin 3.3: Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na ang mga alalahanin para sa privacy at cybersecurity ay pumipigil sa adapasyon o epektibong paggamit ng broadband.

Layunin 3.4: Taasan ang porsyento ng mga taga-California na nagtataglay ng mga basic, intermediate, at advanced na mga kasanayan sa digital literacy.

Layunin 3.5: Palawakin ang bilang ng mga miyembro ng sakop na populasyong sinanay/kinuha sa imprastruktura ng broadband at mga trabahong pangteknolohiya.

Layunin 3.6: Taasan ang porsyento ng mga taga-California na gumagamit ng internet upang mag-apply para sa o gamitin ang pampublikong mga benepisyo at iba pang mahahalagang serbisyo at para makilahok sa sibiko at panlipunang pakikibahagi online.

Ang Mga Tunguhin at Layunin ng California na nakabalangkas sa itaas, ay nagmula sa malalim na pampublikong pakikipag-ugnayan at proseso ng pagpapalano na inilarawan sa Seksyon 4 at alinsunod sa Plano ng Aksyon ng Estado para sa Broadband for All. Tumutugma rin ang mga ito sa mga sumusunod na katagorya ng mga suportang aktibidad sa digital equity na ipinahayag ng National Telecommunications Information Agency (NTIA) bilang Measurable Objectives (MO):

- a. Ang pagiging available, at abot-kayang access sa fixed at wireless broadband na teknolohiya;
- b. Ang pagiging accessible online at pagiging inklusibo ng pampublikong mapagkukunan at mga serbisyo;
- c. Kaalaman at kasanayan sa paggamit ng digital na teknolohiya (Digital literacy);
- d. Ang kamalayan sa, at paggamit ng, mga hakbang upang masiguro ang online na privacy ng, at cybersecurity na may paggalang sa isang indibidwal; at
- e. Ang pagiging available, at abot-kayang mga consumer device at teknikal na suporta para sa mga naturang device.

Ang talahanayan na nagbabalangkas ng Mga Tunguhin at Layunin ng *Broadband for All* ng California, ang mga Measurable Objective ng NTIA, ang kasalukuyang baseline para sa bawat sakop na populasyon, at ang target ay maaaring matagpuan sa Apendiks A.

Ang pagkamit ng mga tunguhin at layuning ito ay lilikha ng isang California na may digital na pagkakapantay-pantay (digital equity) at makakamit ang mga resulta sa mga prioridad na larangan ng patakaran ng estado. Ang Planong ito ay idinisenyo upang umakma sa mga kasalukuyang inisyatiba ng patakaran sa buong estado upang maisakatuparan ang mga resultang ito.

Mga Prioridad na Larangan ng Resulta	
<p><b>Edukasyon</b></p> <p>Ang mga mag-aaral at tagapagturo ay nakakagamit ng teknolohiya sa tahanan at sa silid-aralan upang paganahin ang mas pantay-pantay na mga resulta ng edukasyon.</p>	<p><b>Kalusugan</b></p> <p>Nakaka-access ang mga residente ng impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan at mga virtual na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan online, na nagpapabuti ng pampublikong kalusugan at karanasan sa pangangalagang pangkalusugan.</p>
<p><b>Digital Literacy at Inklusyon</b></p> <p>Ang mga residente ay may access sa digital literacy at pagsasanay sa mga kasanayan (skills), at teknikal na suporta sa maraming wika na inihahatid ng mga instruktur / tagapagturo na nakabase sa komunidad.</p>	<p><b>Pag-unlad ng Lakas-Paggawa at ng Ekonomiya</b></p> <p>Nakikinabang ang mga miyembro ng mga sakop na populasyon at mga komunidad na digital na dehado mula sa mga pamumuhunan at pagsasanay sa broadband upang makakuha ng mas mahusay na mga trabaho, mapabuti ang kanilang mga kita, at makapag-ambag sa mga lokal na ekonomiya sa buong Estado.</p>
<p><b>Mahalalagang Serbisyo, Aksesibilidad, at Sibikong Pakikibahagi</b></p> <p>Ang mga residente, anuman ang wika, antas ng karunungan bumasa't sumulat, o kakayahan, ay nakaka-access ng online na mga programa sa pampublikong mapagkukunan at benepisyo, at ganap na nakakalahok sa mga aktibidad sa sibikong pakikibahagi.</p>	<p><b>Pakikipagtulungan sa Tribo</b></p> <p>Bumubuo ang Estado ng makabuluhang pakikipagtulungan sa mga tribo sa California upang pataasin ang konektibidad sa mga komunidad ng tribo habang iginagalang ang soberanya, pagmamay-ari, at pangmatagalang pagpapanatili ng ekonomiya.</p>

## Kasalukuyang Estado ng Broadband at Digital Equity

Nakagawa ang California ng makabuluhang pag-unlad sa pagsasara ng digital na pagkakabaha-bahagi dahil sa umiiral nitong mga pamumuhunan at pagsisikap sa *Broadband for All*, na kabilang ang mga programa ng California Advanced Service Fund ng CPUC, mga programa ng Middle at Last Mile, at ang pang-estadong mobilisasyon upang itaas ang kamalayan at ipatala ang mga residente ng California sa Affordable Connectivity Program (ACP), na humantong sa mahigit 2.9 milyong kwalipikadong sambahayan na nagpatala sa programa sa nakalipas na dalawang taon.

Mas maraming taga-California ang nakaka-access sa internet at mga digital na mapagkukunan nang higit kailanman. Isang survey sa telepono sa buong estado na isinagawa kasama ang California Emerging Technology Fund (CETF) at mga mananaliksik mula sa University of Southern California Annenberg School for

Communication and Journalism bilang bahagi ng pagsusumikap sa pagpaplanong ito ng digital equity ay nagsiwalat na sa nakalipas na dalawang taon, tumaas ang paggamit ng broadband sa hanay ng mga may edad na adulto, mga residenteng walang high school degree, mga sambahayan na may mga taong may kapansanan, at mga sambahayan na may taunang kita na mas mababa kaysa \$20,000. <sup>5</sup> Ang mga rate o dami ng koneksyon sa bahay ay sumunod din sa isang pattern ng pagtatagpo sa mga county, kung saan ang mga nadagdag sa koneksyon sa mga rural na county ay lumago upang pumarehas nang mas malapit sa mga county sa buong estado. <sup>6</sup>

Gayunpaman, ang mga makabuluhang hadlang sa digital equity ay nananatili sa mga komunidad sa buong Estado, lalo na para sa mga taga-California na tinutukoy bilang mga miyembro ng mga sakop na populasyon at digital na dehadong mga komunidad.

Ang Seksyon 3 ng Planong ito ay nagdedetalye ng kasalukuyang estado ng digital equity sa California. Ang CDT, CPUC, at iba pang mga ahensya at departamento ng estado ay nagsulong ng isang inklusibong cross-cutting na proseso ng pagpaplano na nagbigay-daan sa CDT na mangalap ng parehong qualitative at quantitative na mga datos at kasama ang mga sumusunod:

- [Planning Group sa Pagpaplano ng Digital Equity sa Buong Estado](#)
- [Mga Working Group sa Outcome Area](#)
- [Pambuong Estado na Mga Survey sa Digital Equity](#)
  - [Survey sa Telepono](#)
  - [Pampublikong Online Survey](#)
  - [Mapping ng Digital Equity Ecosystem](#)
- [Mga Workshop sa Pagpaplanong Pangrehiyon](#)
- Isinasagawang Pakikibahagi ng Stakeholder

Ang pakikibahagi at pagsusuring ito ay nagpalitaw o nagtampok ng mga partikular na hadlang sa pag-access, pagiging abot-kaya, at adapsyon ng broadband. Sa pagbuo sa tatlong sumasaklaw sa lahat na mga tunguhin ng *Broadband for All*, ang Digital Equity Plan na ito ay naglalarawan sa mga partikular na layunin na magsisilbing pangunahing batayan para sa pagsukat ng pagsulong tungo sa pananaw ng Estado. Ipinapaalam ng mga estratehiyang nakabalangkas sa Planong ito na hindi lamang ang mahigit 50,000 na taga-California na nagbahagi ng kanilang mga karanasan at ideya sa mga pampublikong pagpupulong kundi pati na rin ng mga sumusunod na baseline na sukat ng mga tagapagpahiwatig na ito, kabilang kung paano sila nagkakaiba para sa bawat sakop na populasyon at digital na dehadong mga komunidad.

---

<sup>5</sup> Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 [Statewide Digital Equity Survey](#), pahina 15.

<sup>6</sup> Ibid.



## Mga Pangkalahatang Pangangailangan at Hadlang

Ang mga hadlang sa digital equity na malinaw na lumitaw o naitampok sa pamamagitan ng maraming aspetong proseso ng pakikibahagi ng CDT ay maaaring ikonsidera sa tatlong kategorya: access, pagiging abot-kaya, at adaptasyon.

### Access

Pagdating sa pagkakaroon ng imprastruktura sa internet, mayroong higit sa 450,000 na hindi naseserbisuhan at hindi gaanong naseserbisuhang lugar sa California. <sup>7</sup> Ang pagseserbisyo sa mga lokasyong ito ay ang unang hakbang sa pagkakamit ng pananaw ng *Broadband for All*, at isa sa pinagtutuunan ng California sa pamamagitan ng Middle-Mile Broadband Initiative (MMBI) at last mile na mga programa ng CPUC, kabilang ang mga popondohan sa pamamagitan ng BEAD. Ang mga karagdagang partikular na hadlang na nauugnay sa pag-access sa imprastruktura ng broadband ay kinabibilangan ng:

- Kakulangan sa available o magagamit na imprastruktura/serbisyo;
- Kakulangan sa maaasahan/matatag na serbisyo (bilis at iba pang mga variable);
- Umuunlad, pero di kumpletong datos/mga mapa ng broadband ng estado; at
- Di tiyak na lokalisadong suplay sa pagtatrabaho para sa mga imprastrukturang trabaho ng broadband.

### Pagiging Abot-kaya

Para sa mga may magagamit na serbisyo, ang pagiging abot-kaya ay nananatiling pangunahing hadlang sa digital na pagkakapantay-pantay (digital equity) para sa lahat ng populasyon sa buong Estado. Animnapu't isang porsyento ng mga respondente sa survey sa telepono ang tumukoy sa gastos bilang pangunahing hadlang sa pagkuha ng serbisyo ng internet sa bahay. <sup>8</sup> Kasama sa mga partikular na hadlang na itinampok ng mga komunidad at survey sa pamamagitan ng prosesong ito ng pagpapalano sa digital equity ang:

- Kakulangan ng kamalayan sa mga murang alok at subsidiya tulad ng Affordable Connectivity Program;
- Mapanghamong proseso ng pagpapatala, kabilang ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na hindi kasama ang mga komunidad na may mataas na gastos sa loob ng CA;
- Ang pangangailangan para sa isang tuloy-tuloy na subsidiya sa subscription sa broadband;
- Kakulangan ng pagpipilian ng consumer at kompetisyon sa hanay ng mga Internet Service Provider (ISP); at
- Kawalan ng tiwala sa gobyerno at mga korporasyon.

---

<sup>7</sup> <https://www.cpuc.ca.gov/-/media/cpuc-website/divisions/communications-division/documents/broadband-implementation-for-california/bead/california-bead-five-year-action-plan---final-draft---20230828.pdf>, na-access noong Setyembre 16, 2023, pahina 111.

<sup>8</sup> Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 *Statewide Digital Equity Survey*, pahina 27.

## Adapsyon (Pagtanggap at Paggamit)

Kahit na available ang serbisyo, binabanggit ng mga taga-California ang mga karagdagang hadlang sa adapsyon ng broadband.

Ipinahihiwatig ng datos ng U.S. Census Bureau na mga 8% ng mga sambahayan sa California ay may kakulangan sa computer o broadband subscription.<sup>9</sup> Ang survey sa telepono sa buong estado at online na pampublikong survey ay nakakuha ng granular na datos sa antas ng kaginhawahan ng mga taga-California sa paggamit ng device, mga kasanayan sa digital literacy, at online na privacy at cybersecurity. Nalaman ng survey sa telepono na isang-katlo ng mga sambahayan na hindi nagsu-subscribe sa internet ang gumagawa nito dahil walang sinuman sa sambahayan ang may desktop, laptop, o tablet, na sumusuporta sa teorya na ang pag-access sa device ay nakakaapekto sa koneksyon sa broadband.<sup>10</sup> Malaki ang interes ng mga respondente ng online survey (33%) na kumuha ng kurso sa pagsasanay sa internet o computer.<sup>11</sup> Kabilang sa mga partikular na hadlang sa adapsyon ang:

- Kakulangan sa kaalaman sa mura o mababang halagang alok at mga subsidiya;
- Kakulangan sa napagtantong pangangailangan (kabilang ang pag-asa lamang sa mga mobile phone);
- Ang halaga ng gastos ng mga device gaya ng mga computer at tablet;
- Kakulangan ng mga kasanayan sa digital literacy at pagsasanay, kabilang ang online na kaligtasan; at
- Kakulangan ng teknikal na pagiging pamilyar o kamalayan dahilan sa mabilis na hakbang ng pagbabago sa teknolohiya (kabilang ang hardware at software).

## Datos

Ang antas ng detalye at katumpakan datos ay binanggit bilang isang hadlang sa panahon ng pagpapaunlad ng Action Plan ng *Broadband for All* at nananatiling hadlang sa ngayon.<sup>12</sup> Bagama't ang mga makabuluhang pagsisikap ay ginagawa sa mga antas ng estado at pederal upang mas pabutihin ang datos sa pagiging available, pagiging abot-kaya, at adapsyon ng broadband, may maliit ngunit makabuluhang mga pagkakaiba sa kung ano ang sinasabi sa atin ng datos at kung ano ang naririnig natin mula sa mga komunidad at residente batay sa kanilang mga karanasan sa buhay.<sup>13</sup>

---

<sup>9</sup> American Community Survey (ACS), 2022 Mga Pagtataya ng 5 Taon.

<sup>10</sup> [Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 36.](#)

<sup>11</sup> [Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment](#), slide 34.

<sup>12</sup> <https://broadbandcouncil.ca.gov/wp-content/uploads/sites/68/2020/12/BB4All-Action-Plan-Final.pdf>, pahina 20, na-access noong Setyembre 17, 2023.

<sup>13</sup> Edukasyon Digital Equity OAWG, Pahina 7-9, Presentasyon ni Philip Neufeld, Executive Officer Enterprise Infrastructure and Services Fresno Unified School District, Education OAWG, Marso 14, 2023. California Broadband Council Meeting Hulyo 25, 2023 - YouTube, 1 oras, 52 minuto, Pampublikong Komento ni Patrick Messac, Direktor, #OaklandUndivided.

## Mga Partikular na Hadlang para sa mga Sakop na Populasyon

Bilang karagdagan sa mga pangkalahatang hadlang na ito, ang iba't ibang sakop na populasyon ay nakakaranas ng mga natatanging hadlang sa digital equity. Kasama sa mga hadlang na ito ang mga sumusunod na halimbawa, na malinaw na lumitaw o naitampok sa pamamagitan ng pampublikong pakikilahok ng CDT sa buong prosesong ito ng pagpapalano ng digital equity.

Mga Sakop na Populasyon	Mga Halimbawa ng mga Partikular na Hadlang
Mga Indibidwal na Nakatira sa Sakop na mga Sambahayan (mas mababa sa 150% FPL)	Kawalan ng kamalayan sa mga alok na mura o mababa ang halaga at ACP
	Pagiging available sa multi-dwelling units (MDUs) at may subsidiyang pabahay
	Ang mga indibidwal na unit sa loob ng MDU at may subsidiyang pabahay ay hindi tumpak na ibinibilang sa mga State at Federal Broadband Map
	Pinipigilan ng mga kasanayan sa industriya ng negosyo ang pagkakaroon/mga opsyon ng serbisyo kung saan nakatira ang maraming pamilya sa iisang unit
Mga tumatandang indibidwal (60+)	Kakulangan ng pagkakaiba sa pagitan ng broadband na koneksyon at cellular na koneksyon
	Di sapat na mga device/teknolohiya
	Kakulangan ng mga pagsasanay sa digital na kasanayan (skills)
Mga Nakakulong na Indibidwal	Kakulangan ng pagsasanay sa panahon ng pagkakakulong
	Kawalan ng kapanatagan sa pabahay at ekonomiya sa muling pagpasok
	Ebolusyon / Pag-unlad ng teknolohiya
Mga Veteran	Kawalan ng tiwala sa gobyerno at mga korporasyon
	Kawalan ng kapanatagan sa ekonomiya at pabahay
	Kakulangan sa mga digital na kasanayan at pagsasanay
Mga indibidwal na may mga kapansanan	Hindi sapat na naa-access na hardware at software
	Pagsasanay sa hardware at software
	Pagiging accessible ng mga serbisyong online
Mga Indibidwal na may mga Hadlang sa Lengguwahe	Kawalan ng tiwala sa gobyerno at mga korporasyon
	Impormasyon sa pangunahing wika
	Kawalan ng tiwala sa gobyerno at mga korporasyon
	Mga pagsasanay sa digital na kasanayan sa wika

Mga Sakop na Populasyon	Mga Halimbawa ng mga Partikular na Hadlang
Mga indibidwal na Miyembro ng isang Lahi o Etnikong Minorya na Grupo	Istruktural na rasismo, diskriminasyon at mga kasanayang diskriminatoryo
	Kawalan ng tiwala sa gobyerno at mga korporasyon
	Impormasyon sa pangunahing wika
	Kawalan ng tiwala sa gobyerno at mga korporasyon
	Mga pagsasanay sa digital na kasanayan sa wika
Mga Indibidwal na Pangunahing Naninirahan sa isang Rural na Lugar	Imprastruktura
	Kompetisyon
	Mga sunog sa kagubatan / malalaking sunog at sakuna
	Pagkakabukod at distansya mula sa suporta
LGBTQIA+	Mga natatanging alalahanin tungkol sa kaligtasan
	Kulang na representasyon sa mga trabaho sa industriya ng broadband
Mga babae, at mga taong kinikilala bilang babae	Digital literacy at pagtuon sa pag-unlad ng lakas-paggawa
	Balanseng trabaho at pangangalaga sa bata
	Pag-alis at trauma dahil sa karahasan sa tahanan
	Kulang na representasyon sa mga trabaho sa industriya ng broadband

## Mga Sukatan ng Baseline

Sa pamamagitan ng umiiral na datos at mga bagong dataset na binuo para sa Digital Equity Plan na ito, natukoy ng Estado ang mga sumusunod na kondisyon ng baseline kung saan susukatin natin ang pag-unlad. Para sa maraming layunin, tinukoy din namin ang mga pagkakaiba sa mga sakop na populasyon.

**Tunguhin 1:** Ang lahat ng taga-California ay may broadband na may mataas na performance na magagamit sa bahay, mga paaralan, mga aklatan, at mga negosyo.

### **Layunin 1.1 Taasan ang porsyento ng mga taga-California na nakakonekta sa serbisyo ng broadband na internet.**

Tinataya ng datos ng Federal Communications Commission (FCC) ang 306,910 na hindi naseserbisyuhang lokasyon (mga lokasyon na walang serbisyo ng 25/3Mbps) at ang karagdagang 151,107 na lokasyon na hindi gaanong naseserbisyuhan (kakulangang serbisyo na 100/20Mbps) <sup>14</sup>—ang batayan sa alokasyon ng pagpopondo ng BEAD ng California. Ayon sa isang kinatawan na sample ng mga taga-California na na-survey para sa Planong ito, 91% ay konektado sa broadband, na nagpapahiwatig na ang isang tinantyang 3.5 milyong mga taga-California ang nananatiling hindi nakakonekta sa serbisyo sa internet dahil sa limitadong imprastruktura, mga isyu sa pagiging abot-kaya, at iba pang mga hadlang. <sup>15</sup> Kasama sa mga sakop na populasyon na kabilang sa mga pinakahindi gaanong konektado ay ang mga kabahayan na may mababang kita (81%), mga indibidwal na may mga hadlang sa wika (81%), mga indibidwal na pangunahing naninirahan sa isang rural na lugar (86%), at mga Hispanic o Latin(o) na mga sambahayan (88%). <sup>16</sup>

### **Layunin 1.2 Taasan ang porsyento ng Community Anchor Institutions na konektado sa serbisyo ng broadband na internet.**

Bilang bahagi ng proseso ng pagpapalano nito para sa programang BEAD, sinusuri ng CPUC ang mga kasalukuyang antas ng pagkakakonekta sa hanay ng mga institusyong angkla ng komunidad sa estado.

### **Layunin 1.3 Taasan ang porsyento ng mga taga-California na nag-uulat na maaasahan ang kanilang serbisyo ng internet.**

Bagama't 91% ng mga taga-California ay konektado sa serbisyo ng broadband, 62% lamang ang nag-uulat na ang kanilang serbisyo ay maaasahan para sa kanilang mga pangangailangan sa sambahayan. <sup>17</sup>

---

<sup>14</sup> <https://www.cpuc.ca.gov/-/media/cpuc-website/divisions/communications-division/documents/broadband-implementation-for-california/bead/california-bead-five-year-action-plan---final-draft---20230828.pdf>, na-access noong Setyembre 16, 2023, pahina 111.

<sup>15</sup> Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 11.

<sup>16</sup> Ibid., 21.

<sup>17</sup> Ibid., 30.

**Layunin 1.4 Taasan ang porsyento ng mga taga-California na may pagpipilian nang hindi bababa sa tatlong tagapagbigay ng serbisyo sa internet.**

Ang pagpipilian ng consumer ay isang mahalagang bahagi ng isang umuunlad na pamilihan para sa serbisyo ng internet at naiugnay ito sa pagiging abot-kaya ng broadband,<sup>18</sup> ngunit natuklasan ng 2018 Competition Report ng CPUC na 35% ng mga sambahayan sa California ang may access sa isang provider na nag-aalok ng serbisyong higit sa 25/3 Mbps, at 6.8% lang ang may access sa tatlong provider na nag-aalok ng serbisyong higit sa 25/3 Mbps.<sup>19</sup>

**Tunguhin 2:** Lahat ng taga-California ay may access sa abot-kayang broadband at mga kinakailangang device.

**Layunin 2.1 Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na bumabanggit ng gastos bilang pangunahing hadlang sa serbisyo ng internet.**

Animnapu't isang porsyento ng mga sambahayan na hindi gumagamit ng serbisyo sa internet ang nagsasabi na ang halaga ng serbisyo sa internet ang pangunahing dahilan kung bakit hindi sila nagsa-subscribe.<sup>20</sup> Ang porsyentong ito ay makabuluhang mas mataas para sa mga sakop na populasyon at iba pang mga digital na dehadong komunidad.<sup>21</sup>

**Layunin 2.2 Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na umaasa lamang sa isang smartphone upang magamit ang internet dahil sa mga device na hindi naa-access at hindi kayang bayaran, at taasan ang porsyento gamit ang isang home computing device.**

Habang ang porsyento ng mga taga-California na umaasa lamang sa isang smartphone para gumamit ng internet ay nabawasan ng kalahati sa nakalipas na dalawang taon, higit sa 1.1 milyon (3%) na mga taga-California ay hindi pa rin nakakagamit nang lubusan ng internet dahil wala silang computer o tablet.<sup>22</sup> Ang porsyentong ito ay mas mataas para sa mga sakop na populasyon, kabilang ang 23% ng mga indibidwal na nakatira sa mga sakop na sambahayan na kasalukuyang umaasa lamang sa smartphone para sa internet na paggamit.<sup>23</sup>

---

<sup>18</sup> <https://www.calfund.org/wp-content/uploads/Pricing-Disparities-Report.pdf>, Na-access Oktubre 31, 2023.

<sup>19</sup> <https://www.cpuc.ca.gov/industries-and-topics/internet-and-phone/competition>.

<sup>20</sup> Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 27.

<sup>21</sup> Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment, slide 15.

<sup>22</sup> Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 11.

<sup>23</sup> Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment, slide 31.

**Layunin 2.3**    **Dagdagan ang porsyento ng mga taga-California na naka-enroll sa murang mga opsyon sa internet at mga subsidiya, kabilang ang Affordable Connectivity Program o successor program.**

Tinatayang 2.95 milyon ng 5.84 milyong kwalipikadong sambahayan (50%) ang nakatala sa ACP, <sup>24</sup> ngunit 77% ng mga hindi konektadong sambahayan ay nananatiling walang alam sa programa, <sup>25</sup> at 22% lamang ng mga respondente sa survey ang nakakaalam ng mga opsyon sa murang halaga mula sa mga internet service provider (ISPs). <sup>26</sup>

**Layunin 2.4**    **Bawasan ang karaniwang gastos na binabayaran ng mga sakop na populasyon para sa serbisyo ng internet.**

Ang mga taga-California ay karaniwang gumagastos ng \$83.60 bawat buwan sa broadband, na may kapansin-pansing mga pagkakaiba-iba sa mga sakop na populasyon. <sup>27</sup> Kasama sa mga sakop na populasyon na nag-uulat na nagbabayad ng higit sa karaniwang gastos ang mga tumatandang indibidwal, beterano(a), mga indibidwal na may mga kapansanan, at mga miyembro ng komunidad ng LGBTQIA+.

**Tunguhin 3:** Maaaring ma-access ng lahat ng taga-California ang pagsasanay at suporta upang paganahin ang digital na inklusyon.

**Layunin 3.1**    **Dagdagan ang pagkakaroon ng digital literacy, cybersecurity, at mga programa sa pagsasanay sa kasanayan.**

Bagama't mahirap tukuyin ang baseline para sa layuning ito, ang mga lokal na tagapagbigay ng serbisyo ay nagbahagi ng mga detalye ng higit sa 270 mga programa na kasalukuyang nag-aalok ng pagsasanay sa digital na kasanayan sa estado sa pamamagitan ng prosesong ito ng pagpapalano ng digital equity. <sup>28</sup> Ang mga programang ito ay pinupunan ng maraming iba pang mga programa na sinusupportahan ng CPUC, CETF, at iba pang mga entidad. Ang pagpapatupad ng Planong ito ay makakatulong sa pagtukoy ng mga puwang sa pagiging available na mga programang ito nang mas malinaw.

---

<sup>24</sup> <https://broadbandforall.cdf.ca.gov/affordable-connectivity-program/acp-enrollment/>, na-access Pebrero 6, 2024.

<sup>25</sup> [Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 39.](#)

<sup>26</sup> [Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment](#), slide 74.

<sup>27</sup> [Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 59.](#)

<sup>28</sup> [Digital Equity Ecosystem Mapping \(DEEM\) Findings](#), slides 9-11

**Layunin 3.2 Taasan ang porsyento ng mga taga-California na may access sa mga serbisyong teknikal na suporta para sa mga device na nakakonekta sa internet.**

Ang teknikal na suporta para sa mga computer at iba pang device ay isang mahalagang bahagi ng digital equity, ngunit 22% ng mga respondente sa survey ang nagsasabing wala silang access sa mga serbisyong ito sa kanilang sambahayan o komunidad. Ang mga sakop na populasyon na may pinakamaliit na access sa mga serbisyo ay kinabibilangan ng mga indibidwal na nakatira sa mga sakop na sambahayan, tumatandang indibidwal, mga indibidwal na may mga kapansanan, at mga indibidwal na may hadlang sa wika.<sup>29</sup>

**Layunin 3.3 Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na ang alalahanin para sa privacy at cybersecurity ay pumipigil sa adaptasyon o epektibong paggamit ng broadband.**

Kahit na tumataas ang alalahanin sa privacy at cybersecurity para sa digital equity, 42% ng mga respondente sa telepono ay bumabanggit ng alalahanin sa privacy bilang isang hadlang sa internet sa bahay.<sup>30</sup>

**Layunin 3.4 Taasan ang porsyento ng mga taga-California na nagtataglay ng mga basic, intermediate, at advanced na mga kasanayan sa digital literacy.**

Halos isa sa tatlong taga-California na wala o kulang sa broadband sa bahay ay bumabanggit ng limitadong digital na mga kasanayan bilang isa sa mga dahilan ng hindi pag-subscribe.<sup>31</sup> Tatlumpu't tatlong porsyento ng mga respondente sa online na survey ang interesado sa mga klase sa pagsasanay sa internet o computer—isang bilang na tumataas sa 77% para sa ilang sakop na populasyon.<sup>32</sup>

**Layunin 3.5 Palawakin ang bilang ng mga miyembro ng sakop na populasyon na sinanay/finanggap/kinuha sa mga trabaho sa imprastraktura at teknolohiya ng broadband.**

Ayon sa Fiber Broadband Association, “ang mga fiber worker ay karamihan ay mga puti (59.6%) at lalaki (89.8%) at nakahilig sa mas matanda kaysa median na edad ng manggagawa sa US sa 44 na taong gulang.”<sup>33</sup>

---

<sup>29</sup> [Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment](#), slide 33.

<sup>30</sup> [Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 36.](#)

<sup>31</sup> *Ibid.*, 44.

<sup>32</sup> [Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment](#), slide 34.

<sup>33</sup> <https://www.zippia.com/fiber-optic-technician-jobs/demographics/>, na-access Oktubre 11, 2023.



### Layunin 3.6

#### **Taasan ang porsyento ng mga taga-California na gumagamit ng internet upang mag-aplay o gumamit ng mga pampublikong benepisyo at iba pang mahahalagang serbisyo at nakakalahok sa sibiko at panlipunang pakikibahagi online.**

Tinatayang 46% ng mga taga-California—at 21% lamang ng mga walang subscription sa internet o gumagamit lamang ng smartphone—gumagamit ng internet para sa telehealth.<sup>34</sup> Limampu't limang porsyento ng mga respondente sa online na survey ang bihira o hindi kailanman gumamit ng internet upang mag-apply o gumamit ng mga pampublikong benepisyo tulad ng CalFresh, SNAP, Medi-Cal, o Social Security.<sup>35</sup>

### **Mga Asset at Puwang ng Digital Equity**

Karamihan sa mga gawaing digital na inklusyon ay nangyayari sa rehiyon at lokal na antas sa pamamagitan ng mga organisasyong nakabase sa komunidad na higit na nakakaalam ng kanilang mga komunidad, naghahatid ng mga programa at serbisyo sa mga nauugnay na wika na may sensibilidad sa kultura, at mga pinagkakatiwalaang mensahero sa kanilang mga komunidad.

Mga lokal na pamahalaan at mga institusyong angkla ng komunidad<sup>36</sup>—kabilang ang mga nasa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, manggagawa / lakas-paggawa at pag-unlad ng ekonomiya, mga aklatan, at pabahay—Ang mga tribo, nonprofit na organisasyon, pagkakawanggawa, mga tagapagbigay ng serbisyo sa internet, at mga organisasyon na kumakatawan at nagseserbisyo sa bawat isa sa mga sakop na populasyon at iba pang mga komunidad na digital na dehado ay ginagawa ang lahat ng mahahalagang gawain upang makatulong na makamit ang mga tunguhin sa buong estado.

Ang mga pinuno sa bawat isa sa mga ganitong uri ng organisasyon ay makabuluhang nag-ambag sa pagbuo ng Planong ito, at ang pakikipagpareha, pakikipagtulungan, at pagkakanayan sa mga organisasyong ito ay magiging sentro sa pagpapatupad ng Plano.

Ang Planong ito ay naglalaman ng isang paunang imbentaryo ng higit sa 700 plano sa digital equity, mga kontak na organisasyon at indibidwal, at mga programa, kabilang ang mga pagsisikap na pinamamahalaan ng estado, mga plano sa digital equity na binuo nang lokal, mga organisasyong nagtatrabaho upang isulong ang digital na inklusyon sa buong estado at sa lokal na antas, at mga programa na nag-aalok ng pagpopondo at mga serbisyo mula sa pagsasanay sa digital literacy hanggang sa pamamahagi ng device at suportang teknikal.

---

<sup>34</sup> [Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey, pahina 46.](#)

<sup>35</sup> [Digital Equity Online Survey Analysis and Needs Assessment](#), slide 64.

<sup>36</sup> See [Senate Bill 156, Section 11549.54\(d\)](#)

Ang California marahil ang mayroong pinakamalakas at pinakamatandang digital equity ecosystem sa bansa—isa na lumalakas mula noong likhain ang CBC noong 2010. Gayunpaman, itinampok ng mga organisasyong ito ang ilang mga hadlang sa kanilang kakayahang gumawa ng epekto sa buong proseso ng pagpapalano ng digital equity, kabilang ang:

### **Nangungunang mga Hadlang para sa mga Organisasyon**

- **Pagpopondo at Pagpapanatili:** Ang pinakanabanggit na hadlang ay ang kakulangan ng napapanatili o tuloy-tuloy na pagpopondo.
- **Mga Tauhan at Kapasidad na Pang-organisasyon:** Ang sapat na sinanay na mga kawani at iba pang mga limitasyon sa kapasidad ng organisasyon, kabilang ang kapasidad sa wika, ay humahadlang sa mga organisasyong ito.
- **Kahirapan sa Pag-access at Pag-apply para sa Pagpopondo:** Kapag dumating ang mga pagkakataon sa pagpopondo, ang pagiging kumplikado ng pag-apply at pag-uulat sa mga pondo ay maaaring sobra para sa mga organisasyon.
- **Kakulangan ng Kamalayan at Pakikibahagi:** Ang pagsusulong ng mga programa na sumusuporta sa mga komunidad na nangangailangan ng mga serbisyo ng digital na inklusyon ay nananatiling hamon para sa mga organisasyong naghahangad na maihatid ang mga serbisyong ito.
- **Koordinasyon at Pagtutulungan:** Ang mas malakas na koordinasyon at pakikipagtulungan sa mga organisasyong nag-aalok ng mga mapagkukunan ng digital equity ay maaaring makabawas ng hindi kinakailangang pagdoble ng mga pagsisikap at isulong ang pagbabahaginan ng mga mapagkukunan at pinakamahuhusay na kasanayan.

Ang mga karagdagang puwang sa mga mapagkukunan ng organisasyon ay umiiral sa pagitan ng mga heyograpikong rehiyon sa loob ng estado. Ang patuloy na pagkolekta ng datos sa mga programa at kapasidad ng digital na inklusyon na nakabase sa organisasyon sa pamamagitan ng yugto ng pagpapatupad ng Planong ito ay makakatulong sa Estado na maiangkop ang mga programatikong pamumuhunan nito sa mga lugar at programa kung saan mayroon silang pinakamalaking pagkakataon upang makamit ang ating mga tunguhin.

## Mga Istratehiya at Mga Aktibidad sa Pagpapatupad

Sa panahon ng 20 workshop sa pagpaplanong pangrehiyon ng Estado at mga pang-grupong konsultasyon sa tribo, higit sa 2,200 mga taga-California, kabilang ang mga nangungunang digital na inklusyon na mga practitioner, tagapagtaguyod, at mga miyembro ng lahat ng sakop na populasyon ay tumulong na tukuyin at bigyang-prioridad ang mga estratehiya na dapat isulong ng Estado upang matugunan ang mga hadlang sa digital equity.<sup>37</sup> Ang mga prioridad na estratehiyang ito ay ibinubuod sa mga sumusunod na tema:

- Magtayo ng imprastruktura ng high-speed na broadband sa buong estado upang makamit ang pampundasyong paglalagay sa kahit saang lugar para sa unibersal na adaptasyon; mapabilis ang konstruksyon at pagbuo ng middle-mile network at last-mile na mga proyekto.
- Magpatupad ng mga komprehensibong programa ng digital na inklusyon na makapagtatagumpay sa tatlong sumasaklaw na pangkalahatang hadlang para sa mga sambahayan na mababa ang kita upang makamit ang unibersal na adaptasyon: mag-sign up para sa abot-kayang serbisyo sa internet sa bahay; kumuha ng abot-kayang computing device; at i-access ang digital literacy na pagsasanay para maging mahusay sa digital / elektroniko.
- Tiyakin na ang mga komunidad na hindi makatwirang naapektuhan ng mga hadlang sa digital equity ay sentro sa disenyo, pagbuo, at paghahatid ng mga programa sa digital equity, at ang mga benepisyong panlipunan at ekonomiya ay pangunahing nakukuha sa loob ng mga komunidad na ito. Konsultahin at bigyang-kakayahan ang mga sakop na populasyon at iba pang mga komunidad na digital na dehado upang makatulong na magplano at ipatupad ang lahat ng mga estratehiya upang makamit ang digital equity. Ang mga nilalayan upang serbisyuhan ay dapat na kasangkot sa pagpapalano at paghahatid ng mga serbisyo.
- Ihatid ang mga serbisyo sa mga tao kung saan sila nakatira at nagtitipon. Kilalanin ang mga tao kung nasaan sila; Dalhin ang mga serbisyo sa mga tao sa halip na hilingin sa mga tao na magpunta sa mga serbisyo. Tiyakin na ang mga programa at mapagkukunan ng digital na inklusyon ay iniangkop sa partikular na kultural na dinamika ng mga sakop na populasyon at magagamit sa mga wikang sinasalita ng mga taga-California.
- Makibahagi at suportahan ang “mga pinagkakatiwalaang mensahero” sa mga umiiral nang organisasyon at institusyong nakabase sa komunidad na nagsisilbi na sa mga sakop na populasyon upang maghatid ng mga programa at serbisyo ng digital na inklusyon.
- Buuin / Paunlarin ang lahat ng materyal na pang-impormasyon at media ng kamalayan sa wika at kultura.
- Isulong ang unibersal na disenyo para matiyak ang aksesibilidad at pantulong na teknolohiya para sa lahat.
- Gamitin ang mga kasalukuyang mapagkukunan sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga pangunahing institusyon—kabilang ang mga county, lungsod, paaralan, mas mataas na edukasyon, mga pamahalaan ng tribo—at mga serbisyong pantao

---

<sup>37</sup> *Broadband For All, Digital Equity*, at mga Workshop sa Pagpaplanong Pangrehiyon ng BEAD, 10 Pangkalahatang Tema ng Inirekomendang Diskarte mula sa 17 Panrehiyong Workshop, CETF, Hunyo 12, 2023.

mga sistema, gaya ng edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, mga aklatan, pagpapaunlad ng ekonomiya at lakas-paggawa, at mahahalagang serbisyo, upang isama ang mga digital na estratehiya sa inklusyon sa kasalukuyang mga programa at serbisyo.

- Ihanay at isama ang mga serbisyong pantao upang tumuon sa mga resulta at kaginhawahan para sa mga indibidwal at sambahayan. Sanayin ang mga kasalukuyang social worker, health worker (mga promoter), educator, librarian, at iba pang human at community service worker na magsilbi bilang mga Digital Navigator.
- Isama ang mga estratehiyang peer-to-peer at inter-generational sa mga programa ng digital na inklusyon.

Alinsunod sa mga cross-cutting na estratehiyang ito, ang Planong ito ng digital equity ay makakatulong na maisakatuparan ang mga pananaw, tunguhin at layunin ng *Broadband for All* sa pamamagitan ng pagsusulong ng sumusunod na pitong pangunahing aktibidad na nakatuon sa mga kalalabasn, pananagutan, at adapasyon ng broadband sa indibidwal at pang-tirahang antas:

**Pangunahing Aktibidad 1: Kumpletuhin ang mga imprastruktura ng pamumuhunan ng *Broadband for All* sa loob ng mga deadline ng pederal at estado.**

Ang CDT, CPUC, at ang iba pang mga ahensya ng Estado na nakatalaga sa pagbuo ng imprastruktura ng broadband ay magpapatuloy sa ganap na pagbuo ng umiiral na mga pamumuhunan sa *Broadband for All* at mga proyektong pinondohan ng BEAD. Sa pagpapataas sa mga milyang ginawa, ang bilang ng mga ISP na nagbibigay ng serbisyo, at ang bilang ng mga konektadong tahanan, negosyo, at institusyong angkla ng komunidad, ay magtataas sa antas at kalidad ng serbisyo sa internet na magagamit ng mga residente sa California, kabilang ang mga sakop na populasyon, at ang hindi naseserbisyuhan at kulang sa serbisyong mga residente ng estado.

**Pangunahing Aktibidad 2: Magtipon / Pulungin ang mga stakeholder ng digital equity para palakasin ang pakikipagtulungan.**

Pupulungin ng CDT ang mga kapartner at stakeholder at magbibigay ng regular na mga update sa pagpapatupad sa pamamagitan ng California Broadband Council at Middle-Mile Advisory Committee, at ipagpapatuloy ang pakikibahagi at mga outreach forum na binuo sa panahon ng proseso ng pagpapalawig ng digital equity sa pamamagitan ng pagpapalawig ng mga pagpupulong tuwing ikatlong buwan (quarterly) ng Statewide Planning Group at Mga Working Group sa Outcome Area. Ang pagpapalawig ng programa at paghahatid ay magsasangkot sa mga miyembro ng mga sinerbisyuhang komunidad.

**Pangunahing Aktibidad 3: Repinahin / Salain ang mga datos at mapa ng digital equity.**

Ang mga entidad ng pamahalaang pederal at estado ay nakatuon sa pagrerepina / pagpapahusay ng mga datos at pagsisikap sa pagmamapa ng digital equity. Ang CPUC ay nagtipon ng ekstensibong mga datos sa loob ng Annual Affordability Report nito, na pinagsasama-sama ang pagpepresyo at mga datos na pag-aalok ng serbisyo mula sa mga service provider ng komunikasyon upang subaybayan ang mga kalakaran sa pagpepresyo sa iba't ibang lugar ng estado. Ang patuloy na pagkolekta ng paglalagay ng granular broadband at datos ng subscriber ay magbibigay-daan para sa mas mahusay na pag-unawa at pagtatasa ng mga hindi naseserbisyuhan at hindi gaanong naseserbisyuhang mga lokasyon at mga rate o dami ng adapasyon ng broadband sa California para mapuntirya nang epektibo ang mga mapagkukunan kung

kinakailangan. Ipapaalam din ng datos sa mga pampublikong patakaran na naghahanap upang dugtungan ang digital na pagkakabaha-bahagi sa California.

Tatrabahuhin ng CDT ang pagbuo ng mga sistema para masubaybayan ang epekto ng mga pamumuhunan ng *Broadband for All* upang mabigyang-impormasyon ang hinaharap na patakaran at mga desisyon sa pagpopondo at sa balidasyon na ang Estado ay tumatanggap ng patas na bahagi nito sa mga pederal na mapagkukunan. Regular na magsasagawa ang CDT ng mga survey sa digital equity para maunawaan kung paano napabuti ng gawad-tulong na pagpopondo ang access at adapsyon ng broadband, at nabawasan nitong mga hadlang.

**Pangunahing Aktibidad 4: Bumuo ng California Connect Corps digital equity capacity grant program para palawakin sa buong estado at nakabase sa komunidad na mga programa sa digital na nabigasyon at digital na inklusyon.**

Ang estado ay bubuo ng isang digital equity capacity grant program ng California Connect Corps (CCC) upang suportahan ang mga organisasyon sa buong estado at nonprofit na mga organisasyon na makapagsagawa ng outreach sa mga populasyon na kulang sa serbisyo upang isulong ang digital na inklusyon.<sup>38</sup> Ang programang ito ay magsasama ng isang bahagi ng mas malawak na hanay ng mga digital equity grant na pinaplano ng estado na gawing available sa mga lokal at tribal na pamahalaan, community anchor institution, organisasyong nakabase sa komunidad, at iba pang digital inclusion service provider para maghatid ng komprehensibo o nakatuon sa partikular sa isyu na mga programa ng digital na inklusyon.

Ang programang ito, na nakasalalay sa pederal na pagpopondo, at kung awtorisado, ay magpopondo sa paghahatid ng mga serbisyong digital na inklusyon mula sa mga pinagkakatiwalaang messenger sa mga umiiral o kasalukuyang organisasyon at institusyon sa buong estado na nakabase sa komunidad na makakapagbigay ng suporta sa mga komunidad at mga wika kung saan ito higit na kailangan.

**Pangunahing Aktibidad 5: Magpondo ng bago at palawakin ang mga kasalukuyang programang digital na inklusyon na pinamamahalaan ng Estado.**

Nilalayon ng Estado na pondohan ang mga programang digital na inklusyon na pinamamahalaan ng estado tulad ng mga pinamamahalaan ng State Library, Department of Aging at iba pang iniaalok ng mga ahensya ng Estado at iba pang mga kapartner sa buong estado tulad ng tinukoy sa Seksyon 3 ng Planong ito.

**Pangunahing Aktibidad 6: Buuin at pasulungin ang mga tool ng digital na inklusyon at pinakamahusay na mga kasanayan.**

Bagama't ang mga programa ng digital na inklusyon na umaabot sa pinakamahirap na kumonekta ay pinakamahusay na naihahatid sa isang hyper-local na paraan, sa at ng mga komunidad na pinaka-walang koneksyon, ang mga service provider na ito ay kadalasang bumabanggit ng kakulangan ng kapasidad na ihatid ang mga programang ito sa sukat na kinakailangan. Bahagi ng solusyon sa pagbuoi ng kapasidad ay ang pagbibigay ng mga karaniwang tool at mapagkukunan na maaaring gamitin at i-customize ng mga provider na ito para sa kanilang mga komunidad, para makatipid ng oras at gastos habang ginagawa ang pinakamahusay na ipinakitang mga kasanayan mula sa iba pang mga provider sa buong estado.

Makikipagtulungan ang CDT sa State Library, Department of Aging, Department of Education at iba pa upang pamunuan ang pagbuo ng mga bago at kasalukuyang mga tool at mapagkukunan upang gawin itong

---

<sup>38</sup> <https://trackbill.com/s3/bills/CA/2021/AB/2750/analyses/senate-energy-utilities-and-communications.pdf>.

mas madali para sa mga provider ng digital na inklusyon na nakabase sa lokal na makamit ang kanilang mga layunin. Bilang bahagi ng trabahong ito, ang Estado ay:

- Bubuo, magpopondo, at gagawing available ang pambuong estado na platform ng pagsasanay sa digital literacy;
- Bubuo ng isang balangkas ng pagsasanay at pagtatasa ng pagkatuto sa digital literacy sa maraming wika sa buong estado; at
- Bubuo ng imbentaryo ng asset sa buong estado bilang karaniwang mapagkukunan para sa mga lokal na pamahalaan, panlipunang serbisyo, pag-unlad sa lakas-paggawa, at mga organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan, at para makita ng lahat ng mga Taga-California ang mga programa ng digital na inklusyon na available sa kanilang komunidad.

**Pangunahing Aktibidad 7: Isulong ang murang mga alok ng serbisyo at mga programa sa subsidiya, tulad ng Affordable Connectivity Program (ACP), at itaguyod ang isang napapanatili o tuloy-tuloy na successor program.**

Ang Planong ito ay humihiling ng maraming hakbang upang mapagtagumpayan ang katotohanan na ang gastos ay ang pangunahing hadlang sa adapsyon ng internet, kabilang ang pagpapa-unlad ng network na pinondohan ng publiko at ang pagsusulong ng pagpipilian ng consumer at kompetisyon sa hanay ng mga ISP. Gayunpaman, kinikilala din ng Estado na maraming sambahayan na may mababang kita ang patuloy na aasa sa serbisyong may subsidiya, kaya hindi sila mapipilitang pumili sa pagitan ng serbisyo sa internet at serbisyong mobile, o iba pang pangangailangan sa buhay.

Bilang bahagi ng trabahong ito, ang Estado ay:

- Pagsama-samahin ang mga outreach para sa murang mga plano, ACP, ibang mga subsidiya at mga successor program na may mga serbisyo gaya ng National School Lunch Program (NSLP), Medicaid, WIC, o Pell Grants;
- Magbibigay ng tulong sa pagpapatala sa mga murang plano, ACP, at iba pang mga subsidiya at mga successor program o kapalit na programa sa mga sakop na populasyon;
- Magsasagawa ng adbokasiya para sa pagpapabuti ng mga proseso ng pagpapatala para sa mga murang alok, ACP, at iba pang mga subsidiya at mga successor program, kabilang ang mga murang alok at mga middle-class na plano na iniaalok ng mga subgrantee ng BEAD.
- Patuloy na susubaybay sa mga rate ng pagiging kwalipikado at ng adapsyon ng mga murang alok at mga programa ng subsidiya sa buong estado upang maunawaan at maipakita ang antas ng pangangailangan ng California;
- Magsagawa ng pagtataguyod para sa pagpapalawig ng ACP o isang successor program o bubuo ng isang abot-kayang alok na pinangungunahan ng Estado; at
- Hihikayatin ang pagtatatag ng isang kasunduan sa pagtutugma ng mga datos sa pagitan ng estado at pederal na pamahalaan para sa pagiging kwalipikado sa subsidiya.

## Ano ang Susunod

Habang ang Estado ay may mga mapagkukunan upang isulong ang mga layunin at mahahalagang aktibidad na tinukoy sa Planong ito, ito ay maghahanap ng karagdagang pondo sa pamamagitan ng Digital Equity Capacity Grant mula sa NTIA, na inaasahang magiging available sa kalagitnaan ng 2024.

Ang pagpopondo ng Capacity Grant ay hindi sapat upang maisakatuparan ang mga layunin at matugunan ang mga target na nakabalangkas sa Planong ito. Ang CDT ay susuporta sa mga stakeholder nito sa digital na inklusyon sa estado upang mag-apply para sa programa ng **Digital Equity Competitive Grant** mula sa NTIA, na inaasahan sa huling bahagi ng 2024. Kinikilala ng Planong ito na ang mga napapanatiling programa ay hindi maaaring umasa lamang sa estado o pederal na pagpopondo.

**Ang pondo mula sa mga lokal na pamahalaan, pagkakawanggawa, pribadong sektor, at mga pagpapareha ng publiko at pribado** ay susi sa pagsasakatuparan ng ating mga layunin sa buong estado. Patuloy na isusulong ng CDT ang mga programang digital equity na pinondohan ng lokal na sumusuporta sa mga tunguhin ng Plano at upang ituloy ang mga karagdagang mapagkukunan ng mga pondo para mapalawak o mapunan ang mga pangunahing aktibidad sa pagpapatupad.

Maaaring gampanan ng taga-California ang isang papel sa pagpapatupad ng Digital Equity Plan na ito. Habang pinangangasiwaan ng CDT ang pagpapatupad nito, patuloy nitong isusulong ang isang inklusibo, tulong-tulong na proseso kasama ang mga kapartner nito sa gobyerno ng Estado, lokal at tribong pamahalaan, at iba pang mga organisasyon at stakeholder ng digital na inklusyon sa buong estado.

Tinutukoy ng mga talahanayan sa ibaba ang mga layunin, baseline, target, at mga nauugnay na pangunahing aktibidad para sa bawat isa sa tatlong tunguhing nabanggit kanina. Ang mga target sa planong ito ay sadyang ambisyoso at nakadepende sa pagkumpleto ng Broadband for All at mga proyektong pang-imprastruktura ng BEAD, mahusay na paggamit ng mga pondo ng Capacity Grant, at kumpitetibong mga gawad-tulong, pagkakawanggawa at pribadong pamumuhunan. Ang mga target na ito ay susuriin at babaguhin kung kinakailangan upang tumugon sa mga pag-unlad sa mga darating na taon na maaaring makaapekto sa kakayahang matugunan o higitan ang mga ito. Ang higit pang mga detalye sa mga layunin, baseline at mga target o puntirya ay makikita sa Seksyon 2.5 at ang mga detalye sa pitong nauugnay na pangunahing aktibidad para sa bawat layunin ay makikita sa Seksyon 5.1.

**Tunguhin 1:** Ang lahat ng taga-California ay may broadband na may mataas na performance na magagamit sa bahay, mga paaralan, mga aklatan, at mga negosyo.

Layunin	Kasalukuyang Baseline	Target	Mga Pangunahing Aksyon
1.1 - Taasan porsyento ng mga taga-California na konektado sa broadband Internet serbisyo.	Siyamnapu't isang porsiyento ay konektado sa broadband; sakop ng mga populasyong kakaunti ang kabilang sa maayos na konektado ang mga indibidwal na nakatira sa sakop na mga sambahayan (81%); na mga indibidwal na may mga hadlang sa wika (81%); mga indibidwal na pangunahing nakatira sa rural na mga lugar (86%). (Survey sa Telepono)	Hanggang sa posible, lahat na mga taga-California na kinikilala bilang isang miyembro ng isang sakop populasyon, may access sa broadband serbisyo sa 2030.	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kumpleto ng imprastrukturang</li> <li>2. Magpulong</li> <li>3. Repinahin / Salain ang mga datos</li> <li>4. N/A</li> <li>5. Palawakin ang mga pagsisikap ng estado</li> <li>6. Isulong ang mga tool</li> <li>7. Tiyakin</li> </ol>



<p>1.2 - Taasan ang porsiyento ng Community Anchor Institutions (CAIs) na konektado sa sa broadband serbisyo ng internet.</p>	<p>Ang CPUC ay kasalukuyang nagsusuri ng mga antas ng konektibidad bilang bahagi ng proseso ng pagpapalano ng BEAD.</p>	<p>Lahat ng Community Anchor Institutions, kabilang ang mga paaralan, mga entidad ng pamahalaan (hal., koreksiyonal ng mga pasilidad), mga pangangalaga sa kalusugan na mga institusyon, mga library, pampublikong punto ng kaligtasan at mga lupain ng tribo, may access sa gigabit na serbisyo sa 2030.</p>	<p>ang mga subsidiya</p>
<p>1.3 - Taasan ang porsiyento ng mga taga-California na nag-uulat na ang kanilang ang serbisyo ng internet ay maaasahan.</p>	<p>Walumpu't dalawang porsiyento ng survey sa telepono mga respondenteng nag-uulat na ang serbisyo ng internet ay sapat para sa kanilang mga pangangailangan ng sambahayan. <sup>39</sup> <i>(Telephone Survey)</i></p>	<p>Hanggang sa posible, lahat ng Mga taga California, kabilang ang mga na nakikilala bilang isang miyembro ng sakop na populasyon, ay may access sa maaasahang serbisyo ng internet na sapat para sa kanilang mga pangangailangan sa sambahayan at negosyo pagsapit ng 2030.</p>	
<p>1.4 - Pataasin ang porsiyento ng mga taga-California na may pagpipilian nang hindi bababa sa tatlong tagapagbigay ng serbisyo sa internet</p>	<p>Tinatayang 35% ng mga sambahayan ang may access sa isang broadband provider lamang. <i>(CPUC)</i></p>	<p>Hangga't maaari, higit sa 6.8% ng mga taga-California ang may access sa hindi bababa sa tatlong tagapagbigay ng serbisyo sa internet pagsapit ng 2030.</p>	

**Tunguhin 2:** Lahat ng taga-California ay may access sa abot-kayang broadband at mga kinakailangang device.

Layunin	Kasalukuyang Baseline	Target	Mga Pangunahing Aksyon
2.1 - Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na bumabanggit ng gastos bilang pangunahing hadlang sa serbisyo sa internet.	<p>Ang gastos ang pangunahing dahilan kung bakit hindi nagsu-subscribe ang 61% ng mga sambahayan. Kabilang sa mga sakop na populasyon na bumabanggit ng gastos bilang hadlang ay ang mga indibidwal na nakatira sa mga sakop na sambahayan; mga indibidwal na may mga kapansanan; mga indibidwal na may mga hadlang sa wika; mga miyembro ng isang pangkat ng lahi o etnikong minorya; mga indibidwal na pangunahing naninirahan sa mga rural na lugar.</p> <p><i>(Telephone Survey)</i></p>	Bawasan ang porsyento ng mga sambahayan sa California, kabilang ang mga kinikilala bilang miyembro ng isang sakop na populasyon, na bumabanggit ng gastos bilang dahilan ng hindi paggamit ng serbisyo sa internet sa pagsapit ng 2030.	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kumpleton g imprastruktura</li> <li>2. Magpulong</li> <li>3. Re pi ahin / Salain ang datos</li> <li>4. CA Programa ng Connect Corps Digital Equity Capacity Grant</li> </ol>
2.2 - Bawasan ang porsyento ng mga taga-California na umaasa lamang sa isang smartphone para magamit ang internet dahil sa mga device na hindi naa-access at hindi abot-kaya, at dagdagan ang porsyento gamit ang isang home computing device.	<p>Tinatayang 3% ng mga Taga-California ay walang computer o tablet.</p> <p><i>(Telephone Survey)</i></p>	Bawasan ang porsyento ng mga nagpapakilala o kinikilala bilang miyembro ng sakop na populasyon, na sumaasa lamang sa isang smartphone at taasan ang porsyento na mayroong home computing device ng 25% sa pagsapit ng 2028 at 50% sa 2030. 50% kada dalawang taon.	<ol style="list-style-type: none"> <li>5. Palaw akin ang mga pagsisikap ng estado</li> <li>6. Isulong ang mga tool</li> <li>7. Tiyakin ang mga subsidya</li> </ol>

<p>2.3 – Dagdagan ang porsyento ng mga taga-California na naka-enroll sa murang mga opsyon sa internet at mga subsidiya, kabilang ang Affordable Connectivity Program o successor program.</p>	<p>2.93 milyon ng 5.84 milyon na kwalipikadong sambahayan (50%) ang nagpatala sa ACP (<i>BB4A portal</i>); 77% ng mga hindi konektadong mga sambahayan ay nananatiling walang kamalayan sa programa (<i>Telephone survey</i>); 1 sa 5 ang maaaring walang alam sa mga mababang gastos o murang opsyon (<i>Online survey</i>).</p>	<p>Hangga't maaari, ang lahat ng kwalipikadong sambahayan sa ACP, kabilang ang mga nagpapakilala o kinikilala bilang miyembro ng isang sakop na populasyon, ay nakatata sa isang murang plano pagsapit ng 2030.</p>	
<p>2.4 – Bawasan ang karaniwang gastos na binabayaran ng mga sakop na populasyon para sa serbisyo sa internet.</p>	<p>Ang mga taga-California ay karaniwang gumagastos ng \$83.60 bawat buwan sa broadband, na may kapansin-pansing mga pagkakaiba-iba sa mga sakop na populasyon; ang mga sakop na populasyon na nagbabayad nang higit sa karaniwan ay kinabibilangan ng: mga beterano(a); mga indibidwal na may mga kapansanan; tumatandang mga indibidwal (<i>Telephone Survey</i>).</p>	<p>Hangga't maaari, bawasan ang mga karaniwang gastos para sa lahat ng sakop na populasyon upang mas kakaunting sambahayan ang bumabanggit ng gastos bilang dahilan ng hindi paggamit ng serbisyo sa internet sa 2030.</p>	

**Tunguhin 3:** Maaaring ma-access ng lahat ng taga-California ang pagsasanay at suporta upang paganahin ang digital na inklusyon.

Layunin	Kasalukuyang Baseline	Target	Mga Pangunahing Aksyon
<p>3.1 - Dagdagan ang pagkakaroon ng digital literacy, cybersecurity, at mga programa sa pagsasanay sa kasanayan (skills).</p>	<p>Higit sa 270 mga programa ay kasalukuyang nag-aalok ng suporta sa pagsasanay sa digital na kasanayan. (<i>DEEM na mga tugon</i>)</p>	<p>Palawakin ang bilang ng mga taga-California, lalo na ang mga nagpapakilala bilang bahagi ng isang sakop na populasyon o digital na</p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. N/A</li> <li>2. Magpulong</li> <li>3. Repinahin / Salain ang datos</li> <li>4. CA Connect Corps Digital Equity</li> </ol>

		dehado / may kakulangan komunidad, na tumanggap ng digital na literacy, cybersecurity, o mga digital na kasanayang na pagsasanay—34% ng 2027, at 50% sa 2030.	Kapasidad Grant Program 5. Palawakin ang pagsisikap ng estado sa 6. Isulong ang tools 7. Tiyakin ang mga subsidiya
3.2 - Taasan ang porsiyento ng Mga taga-California na may access sa teknikal na suporta mga serbisyo para sa internet-konektadong mga device.	Dalawampu't dalawang porsiyento ng mga respondente na walang may access sa teknikal na suporta para sa mga computer at ibang mga device sa kanilang sambahayan o komunidad. ( <i>Online Survey</i> )	Dagdagan ang digital na nabigasyon mga serbisyo, na may kabilang ang teknikal suporta para sa internet-konektadong mga device, na ibinigay sa mga taong nagpapakilala o kinikilala bilang isang miyembro ng isang sakop na populasyon—34% pagsapit ng 2027, at 50% sa 2030.	
3.3 - Bawasan ang porsiyento ng Mga Taga-California na mga alalahanin para sa privacy at ang cybersecurity ay pumipigil sa broadband adapasyon o epektibong paggamit.	Apatnapu't dalawang porsiyento ng Binabanggit ng mga Taga-California ang mga alalahanin sa privacy bilang isang hadlang sa adapasyon ng internet sa bahay. ( <i>Telephone Survey</i> )	Dagdagan ang kamalayan tungkol sa cybersecurity sumusukat sa mga mga miyembro ng sakop na mga populasyon at bawasan ang porsiyento ng mga tao na ang mga alalahanin tungkol sa privacy at cybersecurity ay negatibong nakakaapekto sa kanilang paggamit ng internet—34% sa 2027, at 50% sa 2030.	

<p>3.4 - Taasan ang porsiyento ng Mga taga-California na nagtataglay ng basic, intermediate at advanced na mga kasanayan sa digital literacy.</p>	<p>Halos isa sa tatlong mga taga-California ang nag-ulat kawalan ng broadband sa bahay na bumabanggit ng limitadong digital na kasanayan bilang dahilan ng hindi pag-subscribe. <i>(Telephone Survey)</i> Pagdating sa mga intermediate na digital na kasanayan, tulad ng pag-install ng mga bagong application o paggawa ng mga appointment online, 15- 20% ng mga respondente ng online survey ay hindi komportable. <i>(Online Survey)</i> 56% lamang ng mga taga-California ay maaaring ituring na may higit na advanced na kasanayang digital. <i>(Telephone Survey)</i></p>	<p>Bawasan ang kabahagi ng mga taga-California, kabilang ang mga nagpapakilala o kinikilala bilang bahagi ng sakop na populasyon o komunidad na may digital na kakulangan o dehado, na kulang sa mga pangunahing kasanayan sa digital literacy— 34% sa pagsapit ng 2027, at 50% sa 2030.</p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. N/A</li> <li>2. Magpulong</li> <li>3. Repinahin / Salain ang datos</li> <li>4. CA Connect Corps Digital Equity Kapasidad Grant Program</li> <li>5. Palawakin ang pagsisikap ng estado sa</li> <li>6. Isulong ang tools</li> <li>7. Tiyakin ang mga subsidiya</li> </ol>
<p>3.5 - Palawakin ang bilang ng mga miyembro ng sakop na populasyon na sinanay/kinuha sa mga trabaho sa imprastraktura at teknolohiya ng broadband.</p>	<p>Karamihan ng mga fiber worker ay puti (59.6%) at lalaki (89.8%) at mas matanda kaysa sa median na edad ng manggagawa sa US na 44 taong gulang.</p>	<p>Palakihin ang bilang ng mga indibidwal sa lahat ng sakop na populasyon na sinanay at tinanggap / kinuha para sa broadband na imprastraktura at mga trabaho sa teknolohiya sa pamamagitan ng pagtaas ng bilang ng mga programa sa pagsasanay at mga apprenticeship na binuo sa pakikipagtulunga</p>	

		n sa Workforce Investment Boards, California Community Colleges, mga unyon ng manggagawa, nakabase sa komunidad na mga organisasyon, at pribadong mga kumpanya.	
3.6 - Taasan ang porsiyento ng Mga taga-California na gumagamit ng internet sa nag-a-apply para sa o gumagamit ng pampublikong mga benepisyo at ibang mahahalagang mga serbisyo at maaaring makilahok sa sibikong at panlipunan pakikibahagi online.	Tinatayang 46% ng Mga taga-California—21% ng walang internet subscription o para sa mga tao lamang gumagamit ng smartphone—gumagamit ang internet para sa telehealth. <i>(Telephone Survey)</i> 55% ng mga respondente ng online survey madalang o hindi pa nakakagagamit ng internet upang ilapat o gamitin pampublikong mga benepisyo gaya ng CalFresh, SNAP, Medi-Cal, o Social Security. <i>(Online Survey)</i>	Taasan ang bahagi ng Mga taga California, lalo na sa mga na tinutukoy bilang bahagi ng sakop na populasyon o digital na may kakulangan / dehado komunidad, na ay may kakayahang i-access ang internet upang ilapat sa para sa o paggamit ng pampublikong mga benepisyo at ibang mahahalagang mga serbisyo at maaaring makilahok sa sibiko at panlipunang pakikibahagi online—34% ng 2027, at 50% sa 2030.	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. N/A</li> <li>2. Magpulong</li> <li>3. Repinahin / Salain ang datos</li> <li>4. CA Connect Corps Digital Equity Kapasidad Grant Program</li> <li>5. Palawakin ang pagsisikap ng estado sa</li> <li>6. Isulong ang tools</li> <li>7. Tiyakin ang mga subsidiya</li> </ol>

<sup>39</sup> [Bar, F., Galperin, H., Le, T., 2023 Statewide Digital Equity Survey](#), pahina 33.